# Ang Great Wall of Pansol Bilang Representasyon ng mga Kontradiksiyon sa Espasyong Urban

Joanne V. Manzano, MA
***University of the Philippines-Diliman***

## PASAKALYE

Maraming kuwento ang mauunawaan at malilikha sa pamamagitan ng pagsipat sa paligid. Hindi isang obhektibong espasyo ang namamalas at nararanasan natin sa paglalakbay - may kahulugan at kabuluhan ang mga ito sa isang takdang panahon at/o pagkakataon (Hubbard 102). Mahalagang mapag-aralan ang pagbibigay-kahulugan sa mga lansangan dahil ito ay pampublikong pook kung saan nagtatagpo ang mga tao. Superpisyal man o malaliman ang ugnayang nabubuo, interesanteng pagtuunan ng pansin kung ano ang nalilikhang sistema sa pagitan ng mamamayan na nagsasalo sa limitadong espasyo. Lalong nagiging makabuluhan ito kung may eksternal na ahensiyang nagpapatingkad ng tensiyon sa pamamagitan ng pagkontrol sa lugar.

Hindi intensiyon ng papel na saklawin ang ekstensibo nang literatura tungkol sa lungsod at urbanisasyon. Sa katunayan, pinagtuunan lamang ng pag-aaral ang eskinitang bahagi ng P. Bautista St. sa barangay Pansol, Lungsod Quezon. Ang pader sa kanang bahagi ng Larawan 1 ang binansagang “Great Wall of Pansol”.



*Larawan 1: Bungad ng eskinita o pathway*

Sa kabila ng delimitasyon sa pokus, mahalagang mapag-aralan ang mga paksang maituturing na nasa laylayan ng tradisyonal na

heograpiya katulad ng "nakaligtaang mga pook" o "overlooked places" (Miles 29). Napupunuan ng pang-araw-araw at karaniwan ang puwang na naiiwan ng lenteng pambansa at monumental (Hayden sa Miles, Home at Borden 109). Gayunpaman, hindi palaging nagtutunggali ang maykro at makro at sa halip ay nagiging representasyon ang lokal ng mas malawak at malalim na mga usaping panlipunan. Kabilang ito sa layong maitampok sa papel. Layunin din ng pag-aaral na suriin kung paano nagiging representasyon ng kontradiksiyon ang eskinita ng Great Wall of Pansol. Sa partikular, nilalayong ipakita kung paano nagkakaroon ng tensiyon ang kalikasan at kalunsuran; tagaloob at tagalabas; pamahalaan at mamamayan; at mga kasarian. Pagtutuunan din ng pansin kung paano nagkakaiba ang pagpapahalagang ibinibigay sa mga pook residensiyal at pook ng negosyo. Isasagawa ito sa pamamagitan ng pagpapangibabaw sa naratibo ng mga nakatira sa barangay na may direktang kaugnayan sa Great Wall.

Sa pananaliksik sa kasaysayan at karanasang may kaugnayan sa eskinita o *pathway*, pakikipagkuwentuhan ang naging pangunahing metodo. Kinalap ang salaysay ng piling mga residente at drayber ng padyak o pedicab na nakatira sa Pansol ng 40 taon o higit pa. Susi sa mga naging katuwang sa pananaliksik sina Marichu Agasan na lumipat sa barangay noong dekada '50 nang makapangasawa ng taga-Pansol, at sina Regina Gabriel, Cesar Isternon, Arnel Agasan, at Nilo Dionisio na mga anak ng dating manggagawa ng National Waterworks and Sewerage Authority (NAWASA). Ipinanganak sila noong dekada '60 at lumaki at nagkapamilya na sa lugar. Malapit ang kanilang bahay sa Great Wall. Napayaman pang lalo ang datos ng sari-saring salaysay ng iba pang mga residente, migrante, dayo, at miron na gustong mag-ambag ng kuwento.

Sinuri ang mga naratibo gamit ang Kritikal na mga Heograpiya upang mapalitaw ang mga tensiyon na namamalas sa makikipot na espasyo. Mahaba na ang tradisyon ng nasabing perspektibo na nagresulta sa marami, mas kompleks, at sanga-sangang lapit at aplikasyon sa pag-aaral ng daigdig (sumangguni sa Critical Geographies nina Bauder at Engel-Di Mauro 2008). Humalaw lamang ang papel sa bahagi ng Kritikal na mga Heograpiya na nagtuon sa "dilemang hatid ng pag-iral sa lipunang may kontradiksiyon sa pagitan ng kasalukuyang politikal at ekonomikong sistema at materyal na realidad ng partikular na

grupo ng tao" (Bauder at Engel-Di Mauro 1). Ang pananaw na ito ang inilapat sa nakalap na mga salaysay.

## Ang Eskinita sa Espasyong Urban

Mahalaga ang daan upang makarating ang tao sa mga pook. Sa modernong panahon, ang lansangan ay isang pampublikong espasyo, isa sa mga lugar na pinagbabahaginan ng lahat ng uri ng mamamayan (Jacobs sa Miles, Home at Borden 16). Ilan sa mga halimbawa nito ay gilid ng daan (sidewalk), kalye, at eskinita.

Sa lungsod, nagtatagpo ang mga taong walang pagkakataon para sa mas malalim na pakikisalamuha dahil sa limitasyon sa oras (Hubbard 18). Ito ang dahilan kung bakit sinasabing nagiging mababaw at superpisyal ang paraan ng pagkakakilala sa isa't isa. Tinawag itong "civil inattention" ni Lofland (1998) - ang mabilisang pagtaya sa ibang tao sa takot na maapektuhan ang pribadong espasyo ng mga ito. May malaking epekto ang konsepto ng "urban managerialism" sa pagsipat sa lungsod - isang perspektibong naghahayag na may mga susing aktor na kumukontrol sa mga pook-urban katulad ng housing managers, planners, estate agents, at land markets nang sa gayon ay nalilimitahan ang akses ng ilang pangkat sa isang partikular na espasyo (Hubbard 32). Dahil sa naturang proseso, nagiging ugat ng tensiyon ang mga pook na masikip kung saan nagsasama-sama ang maraming tao.



*Larawan 2: Masikip na espasyo*

Ayon sa Global Report on Human Settlements (2010) ng United Nations, ang eskinita ay "masikip na kalyeng maaaring daanan ng isang tao lang". Isa ito sa mga katangian ng "slum" at kaugnay ng mga salitang "iskwater, looban, estero, dagat-dagatan, at bedspacer" (12). Dahil sa limitasyon sa espasyo, may

pagkakataong nagkakairingan ang mga naglalakad o nakasakay na gumagamit dito. Tumitingkad ang nasabing usapin kung walang ibang lugar na mapuntahan bunga ng mga kongkretong harang. Upang itakda ang hangganan ng lupa ng NAWASA (dating pangalan ng Metropolitan Waterworks and Sewerage System o MWSS) at Unibersidad ng Pilipinas Diliman (UP), pinaderan ang magkabilang panig na nagdulot ng pagkakupot ng mga dumadaan.



*Larawan 3: Sa kaliwang bahagi ang NAWASA/ MWSS at sa kanang bahagi ang bakanteng lupa ng UP bago paupahan sa Ayala Land Inc.*

Naugnay ang salitang "eskinita" sa "iskwater" at kaakibat nitong persepsiyon na may mga lihim at iligal na gawaing nagaganap sa "looban." Dahil sa kipot ng espasyo, mas madali para sa "mahihirap" na gumawa ng krimen (Global Report 11 - 12). Bagaman maaaring may batayan ang ganitong pagtingin, may bahagi ritong mas mito kaysa katotohanan na puwedeng magresulta sa pagbabansag sa pook nang walang matibay na batayan o "place labeling" (Sibley sa Miles, Home at Borden 273). Mas angkop ang pakahulugan ni Marc Askew sa katangian ng Pansol na "[...] a spectrum of economic status including households struggling to meet bare subsistence needs, those who are relatively more secure (or "relatively poor") and those who are clearly well-to-do" (141).

## Naratibo ng Pook

Sa ilalim nang pananakop ng mga Kastila hanggang sa Panahong Komonwelt, ang Pansol ay isang sityo ng Balara na dating baryo ng Marikina. Mataas ang lugar na ito na mahalumigmig tuwing

umaga at hapon sa buong taon. Matatagpuan dito ang malawak na mga bukirin. Naging bahagi ng Lungsod Quezon ang sityo Pansol noong Oktubre 12, 1939 sa pamamagitan ng Commonwealth Act No. 502 (qcpubliclibrary.org). Ang P. Bautista St. naman ay dating Kalye Montalban na ipinangalan sa dating kapitan na si Procopio Bautista na nanungkulan noong dekada '60. Kilala ito bilang "pathway" sa mga drayber ng pedicab at residente sa lugar, "Great Wall of Pansol" para sa mga mag-aaral na hayskul sa UP Integrated School (UPIS), at simpleng "eskinita" para sa mga dayo sa barangay. Humigit-kumulang 60 metro ang haba ng daan at 2 metro ang lapad na napapagitnaan ng kongkretong pader ng NAWASA/MWSS at dating bakanteng lote ng UPIS bago naipatayo ng Ayala Land Inc. (ALI) ang UP Town Center (UPTC). Nanalo ang ALI sa bidding para sa komersiyal na kompleks sa 7.4 ektaryang kinatitirikan ng UPIS sa ilalim ng 25 taong kontrata ng pag-upa sa lugar (dayritproperties.com).



*Larawan 4: Itinatayong gusali ng UPTC sa dating bakanteng lote ng UP*

## Kasaysayan ng Pathway sa Alaala ng mga Tubong Pansol

Ayon sa mga salaysay, nagkaroon ng eskinita sa Kalye Montalban nang patayuan ng magkabilang pader ng NAWASA at UPIS upang takdaan ang teritoryo ng nasabing mga institusyon. Nauna ang UP sa pagtatayo ng kongkretong bakod noong si Ferdinand Marcos pa ang pangulo ("huling bahagi ng dekada '70 hanggang unang mga taon ng dekada '80"). Dekada '80 naman nagawa ang kongkretong pader ng NAWASA dahil "may mga project silang gagawin" (Dionisio 2013). Pinaniniwalaan ding naglagay ng adobeng bakod

upang mabigyan ng proteksiyon ang Balara Water Reservoir and Treatment Facility (BWRTF) mula sa mga aktibista ng UP (Gabriel 2012). Baka raw ito hagisan ng pillbox at magkaroon ng malaking epekto sa mga gagamit ng tubig. "Right of way" ang eskinitang ibinigay sa mga taga-Pansol.

"Talahiban ang Pansol noong araw bago naitayo ang mga pader" - ito ang karaniwang ipinahahayag ng mga matagal na sa barangay. Dating bukas na espasyo ang kanlurang bahagi ng NAWASA na may mga halaman at puno na nagsilbing pahingahan lalo na kung mainit ang panahon. Noong dekada '60, dito rin nagpapatuyo ng nilabhang mga damit ang ilang residente (Agasan, M. 2013). Mayroon ng mga establisyimento katulad ng panaderya, barberya, bigasan, at botika. Naging bentahe na bukas ang NAWASA dahil madaling nakapaglalako ng mga produkto katulad ng ice candy at/o sorbetes sa mga ekskursyonistang lumilibot sa BWRTF (Gabriel 2012). Ang UPIS naman ay "malawak na loteng nababakuran ng cyclone wire kaya tanaw ang loob" (Dionisio 2013). Dahil ito ay may palayan at taniman, paminsan-minsang pumipitas ng gulay rito ang mga taga-Pansol (Isternon 2013). Sugaan naman ng kalabaw ang tapat ng paaralan.

Mangilan-ngilan pa lang ang bahay noong dekada sisenta subalit dadami sa susunod na mga taon. Mga manggagawa ng NAWASA o kamag-anak ng mga ito ang naunang tumira sa barangay. Ayon kay Arnel Agasan (2013), ang mga tagaloob ay mga nagtatrabaho sa kompanya ng patubig na nabiyayaan ng pabahay. Samantalang ang mga tagalabas ay mga migranteng nagkapamilya at tumanda na sa Pansol, mga nagretirong empleyado ng NAWASA, o mga nakabili ng lupa roon sa murang halaga. Ayon kay Regina Gabriel (2013), "karamihan ay mga dayo mula sa labas ng Balara at kahit walang papeles ang kinatitirikan ng bahay nila, noong araw pa sila napadpad sa barangay." Dumadaan sa eskinita ang mga residente at bisitang nais mapabilis ang akses patungong MWSS, UP Diliman, Balara, at terminal ng jeep sa Katipunan Road.

## Mga Kontradiksiyon sa Espasyong Urban

Ayon sa Webster's New World Dictionary, ang kontradiksiyon ay "kundisyon kung saan ang mga bagay ay nagkakaroon ng kaibahan o nagiging kabaliktaran" (akin ang salin). Sa ganitong

balangkas iisa-isahin ang mga epekto ng limitadong espasyo ng eskinita habang inihahambing ito sa iba pang mga espasyo at kalagayan upang mas maipaliwanag ang mga kontradiksiyon sa urban.

## Kalikasan sa/ng Lungsod

Nagkaroon ng iba't ibang epekto ang pagkakatayo ng eskinita sa silangang bahagi ng Pansol. Nawalan ng preskong tambayan ang mga residente tuwing mainit ang panahon at nasarhan ng mga bakod ang malayang ihip ng hangin sa malapit na kabahayan. Sinasabing dumadaan sa ganitong transpormasyon ang mga pook na sumasailalim sa urbanisasyon. Sa pag-aaral nina Benton-Short at Short sa relasyon ng mga lungsod at kalikasan (2008), nagbabago ang likas dahil sa ipinatatayong mga artipisyal na estruktura. Bilang resulta, "cities tend to be warmer because of the amount of extra heat produced in the city and the heat absorption of man-made materials such as tarmac, asphalt, and concrete" (7). Dahil din sa nakaharang na mga pader, naiipon ang tubig sa eskinita tuwing umuulan dahil hindi na nakakadaloy nang maayos. Dumalas ang pagbaha sa pathway at sa kalapit-lugar dahil sa kawalan ng angkop na drainage system. Ang ganitong obserbasyon ay lumitaw rin sa Cities and Nature (2008) dahil sa kahinaan ng aspalto at kongkretong ibabaw na sipsipin ang tubig kung ikukumpara sa lupa.

Sinasabi ring hindi prayoridad ang pagpapagawa ng mga pampublikong parke dahil sa kakulangan ng lupa sa lungsod (Paetzold sa Miles, Hall, at Borden 217). Kasabay ng paglaho ng mga hardin sa Pansol ang pagkaunti ng mga talahib, puno, halaman, at bulaklak. Sa Kalye Montalban, nagsilbing pahingahan at sampayan ng mga nilabhan ang katulad na lugar noong dekada '60. Nakapagbibigay ang espasyo sa magkakabarangay ng pagkakataong makapagkuwentuhan (Agasan, M. 2013). Taliwas ito sa kasalukuyang lungsod na madalas na dayuhan ang turing sa mga taong nakakasalamuha (Hubbard 17). Bukod dito, napalitan ang mga parke ng mga mall bilang pook-tagpuan at napalitan ng aircon ang sariwang hanging nagpapalamig sa paligid tuwing maalinsangan (Benton-Short at Short 5).

Pakiramdam ng mga nakakuwentuhan sa Pansol na hindi sila

gaanong napapansin ng mga kinauukulan. Madalas na dinadala ng karaniwang mamamayan ang negatibong epekto ng urbanisasyon: "Poorer communities have less pleasant urban environments and often bear the brunt of negative externalities" (Gandy sa Benton-Short at Short 217). Dahil sa pagbabago ng paligid, dumalas ang pagbaha, uminit ang temperatura, at tumatambak ang mga kalat dahil hindi naaabot ng trak ng basura ang bahaging malapit sa eskinita.

## Pagbabansag sa Pook

Ayon naman kay Nilo Dionisio (2013), nagresulta ang pagtatayo ng harang sa pagkakahahati ng mamamayan ng magkatabing barangay ng Balara at Pansol. Noong araw, mas malapit ang ugnayan ng dalawang pook dahil sa daan o espasyong nag-uugnay sa kanila (hardin). Subalit mula noong isinara ito, nagkaroon ng dibisyon sa pagitan ng mga residente. Dahil sa eskinita, inisip ng mga taga-Balara na pinagmumulan ng gulo ang mga taga-Pansol. Sa salaysay ni Dionisio:

> *Sa pagtatayo ng mga pader nagsimula ang diskriminasyon ng Balara sa Pansol. Hindi ba iyang Balara, housing iyan? Itong Pansol hindi pa ganoon ka-develop. Iyang Balara kumbaga ay semi-village ang dating, class ang dating. Kaya kumbaga parang iyong mga tao rito [Pansol], trouble-maker. Dala yan ng dahil sa masikip ang daan, delikado na raw ang lugar.*

Repleksiyon ang ganitong pahayag sa kahalintulad na estratehiya ng ibang lungsod upang ihiwalay ang "iba" at "hindi nabibilang" (Zukin sa Miles, Hall, at Borden 85). Nagiging suliranin ang usapin ng hangganan (boundary) lalo na sa pagitan ng espasyong pribado at publiko (Sibley sa Miles, Hall, at Borden 272). Binabantayan ng mayayaman ang anti-sosyal na gawain ng mahihirap kaya sila nagtatayo ng mga harang katulad ng bakod. Lumalala ang ganitong problema kung ang lugar ng dalawang uri ay lumalampas (overlap) sa mga hangganan o ang tinatawag na "liminal zone" (Leach sa Sibley 269). Dahil sa persepsiyon na naisasagawa ang mga tago at ipinagbabawal sa masisikip na lugar, nauugnay ang eskinita sa iligal na mga aktibidad. Sa ganitong pagkakataon, maaaring pumasok ang pamahalaan upang

sawatahin o pahupain ang tensiyon.

Matingkad sa mga naratibo na nagsimula ang paniniwala ng mga tagalabas na kulang sa kaayusan at kaligtasan ang silangang dako ng Pansol dahil sa pagkakatayo ng mga pader. Nais na mabago ng mga residente ang nosyon na mapanganib ang kanilang pook dahil para sa kanila, hindi ito totoo. Angkop ito sa paliwanag ni Tuan (172) na, "A district's reputation may depend far more on the propaganda of outside groups than of local residents." Napatunayan ito sa nangyaring dibisyon sa pagitan ng mga taga-Pansol at taga-Balara.

Upang maiwasto ang negatibong pagtingin mahalagang mapanatiling malinis at maganda ang lugar kaya inayos ang dulong bahagi ng eskinita. Simboliko ang pagkakaroon ng pook-dasalan sa dulo ng pathway upang ipakita, lalo na sa mga dayo, na bagama't may masikip silang espasyo, hindi nangangahulugang kriminal ang mga tao rito.



*Larawan 5: Grotto sa dulo ng eskinita*


Gayunpaman, para sa pamunuan ng barangay, hindi sapat ang relihiyosong imahen kaya naglagay sila ng closed-circuit television (CCTV) sa itaas ng grotto. Minaksimisa ng barangay ang paggamit ng teknolohiya upang mapangalagaan ang kaligtasan sa pathway.




*Larawan 6: Pabatid na may CCTV sa dulo ng eskinita*

Bagaman maganda ang intensiyon ng pagkakabit ng CCTV, sa pananaw ng ilang residente ay naging doble ang restriksiyong nararanasan nila – limitasyon sa paggalaw dahil sa sikip ng espasyo at limitasyon sa kilos dahil sa makinang "nakabantay". Kabilang ang pakiramdam ng kawalan ng seguridad sa mga kontradiksiyong dala ng eskinita ng lungsod. Ang magkabilaang pader ay nakapaghahatid ng takot sa mga dumadaan dahil sa mahabang distansiya ng kupot na espasyo. Lumitaw na mas panatag ang mga residente noong araw dahil sa pag-iral ng mas makabuluhang relasyon sa mga kabarangay. Batid nilang walang mangyayaring masama sa kanila kahit na walang CCTV dahil malapit sila sa isa't isa at magkakaibigan ang halos lahat ng nakatira sa lugar. Ayon nga kay Marichu Agasan (2013), noong dekada '60 kung kailan nagtatrabaho pa siya sa Caloocan bilang mananahi, hindi siya natatakot sa bakanteng lote ng NAWASA kahit umuuwi ng gabi. Subalit nang nagkaroon na ng pader, nangamba siya dahil naharangan na ang mga dating kapitbahay na maaaring sumaklolo sa panahon ng panganib.

Sariling inisyatiba naman ni Dionisio (2013) ang pagpapaganda sa sulok na dati ay tapunan ng basura. Gumuhit siya ng larawan ng mga bata na nasa ilalim ng puno at nagtanim ng halamang nasa mga paso at isinabit sa pader (tingnan ang Larawan 7). Ayon sa kaniya, para makita ng mga bisita na may "peace and order" sa lugar. Ganito rin ang ginagawa ng Metro Manila Development Authority (MMDA) sa kanilang proyektong MMDA Art kung saan pinapatungan ang mga graffitti sa lansangan ng iba't ibang disenyo upang magmukhang kaaya-aya.



*Larawan 7: Pagpapaganda sa pader*

Sa pag-aaral ni Sharon Zukin, normal na tugon ang pagpapaganda sa paligid kahit sa katotohanan ay hindi na nito

maibabalik ang dating kaayusan: "[...] modern projects of urban renewal have tended to aestheticize the social problems they displace" (sa Miles, Hall, at Borden 82). Maganda mang maituturing ang pagkakapinta sa Great Wall of Pansol, hindi nito mapapalitan ang dating buhay na mga puno at halaman sa hardin na nagsilbing palaruan ng mga bata. Hindi rin mahahalinhan ng katahimikang mula sa CCTV ang katiwasayang bunga ng pakikipagkapwa.

## Kuwentong Padyak

Ang pagkakaroon ng pedicab ay tugon sa pangangailangan ng mga nakatira sa looban para sa mas mabilis na transportasyon. Madalas kasing hindi naghahatid ang taxi sa bahaging ito ng barangay dahil masikip ang daan. Para naman sa mga nagmamaneho ng pedicab o nagpapadyak, nakatulong ang pag-oorganisa ng PODA (Pedicab Operators and Drivers Association) upang magkaroon ng dagdag na hanapbuhay ang mga tao sa lugar.

Lumabas ang pananaw ng mga drayber tungkol sa pamahalaan sa mga komentaryo nila tungkol sa eskinita. Pangunahin sa reklamo nila ang lubak-lubak na kalsada sa *pathway.* Ayon kay Isternon (2013), panandaliang lunas lang ang paglalatag ng aspalto sa bako-bakong pundasyon dahil nabubutas o lumulundo agad ito dahil sa ulan. Inaasahan nang tatagal lamang ng isa hanggang dalawang linggo ang patag na daan at unti-unting babalik sa dati. Nagiging sanhi ng pagkasira ng tinidor (bicycle fork) at gulong ang matagtag na biyahe. Imbes na magkasya ang kita sa pamamasada para sa pamilya, nagkukulang ito dahil sa mahal na piyesang kailangang palitan. Nagiging sanhi rin ng pagkabalam ng paghahanapbuhay ang pag-aayos ng kalsada dahil hindi sila nakakapasada. Kasya lang kasi sa eskinita ang makinang asphalt paver at mga manggagawa kaya walang espasyo para sa mga padyak. Hiniling ng mga drayber sa gobyerno na mabigyan ng pangmatagalang solusyon ang suliranin nila sa lubak-lubak na kalsada.

Inilahad ding napalalala nang paggawa sa daan ang pagtaas ng tubig sa pathway. Tuwing masisira ito, "aayusin" ang eskinita sa pamamagitan ng paglalatag ng aspalto. Sa pagpapatong-patong nito, kumakapal lalo na ang bandang gilid ng kalsada na bumabara sa mga butas sa ibaba ng pader. Dahil dito, madaling tumaas

ang tubig tuwing umuulan. Ikinatatakot ng mga residente ang ganitong sitwasyon dahil dumadalas ang mga nakakakita ng "ahas na lumalangoy galing sa bakanteng lote ng UPIS." Sumasakay sa padyak ang may ekstrang badyet para sa pamasahe at lumulusong sa baha ang wala.



*Larawan 8: Baha sa eskinita*

Dahil sa kakulangan ng trabahong mapapasukan sa pormal na sektor, dumadami ang nagpapadyak. Marami nang mga "dayo" ang namamasada sa P. Bautista St. basta may kaukulang papeles at tinanggap sa pulong ng PODA. Tuwing gabi, may umiekstrang mga babae at bata sa pamamasada upang magkaroon ng karagdagang kita. Dahil dito, kahit may pilang sinusunod ay may mga pagkakataong pinagbibigyan nila ang kasamahan nilang si Jay dahil "marami itong anak." Walang kaso sa kalalakihan kung may babaeng umiekstra sa pagpadyak basta "kaya niyang dalhin at ihatid ang mga pasahero" (Isternon, 2013). Pinapayagan din nilang may batang mamasada para sa pambaon sa eskuwela. Tinutulungan na lang nila sa pamamagitan ng pagtulak kapag hirap itong magmaniobra o makaabante mula sa lubak ng eskinita. Ayon sa mga drayber, sana ay mapagbigyan ng pamahalaan ang pagluluwag ng pathway upang magkasya na ang dalawang sasakyan. Sa pamamagitan nito, maiiwasan ang iringan at bibilis ang biyahe kaya lalaki ang kita.

Sa gabi nakikirelyebo ang mga babaeng drayber sa mga lalaking

regular na nagpapadyak. Umiekstra sila sa panahong tapos na ang gawain sa bahay at kung may maliliit na anak, inaangkas nila ito sa biyahe. Subalit naikuwentong hindi sila pinapayagan ng asawa kung sira ang mga ilaw sa eskinita. Disbentahe sa kababaihan ang madilim na kalye dahil dito madalas na nagaganap ang krimen sa kanila (Hubbard 115). Maski ang ekspresyon na "dapat alam ng babae kung saan lulugar" ay paglalarawan sa usapin ng kasarian sa espasyo (Hayden 1997). Patunay lamang itong limitado pa rin ang ginagalawan ng kababaihan at ang madilim na eskinita ay hindi para sa kanila.



*Larawan 9: Eskinita sa gabi*

Lumutang din ang mistulang maliliit at pang-araw-araw na mga alalahanin. Kung muling sisipatin, hindi ito naiiba sa mas malalaking isyung panlipunan katulad ng kakulangan sa trabaho, paglobo ng impormal na ekonomiya, kahinaan sa pagbibigay ng serbisyong publiko katulad ng maayos na kalsada at pailaw, pagbabaha, at restriksiyon sa galaw ng kababaihan na kaugnay ng kahirapan sa buhay. Tumitingkad ang kontradiksiyon sa paulit-ulit na paggawa sa eskinita dahil sa panapal na solusyon katulad ng paglalatag lamang ng aspalto. Nasusuri ng mga drayber ang kahinaan ng ganitong gawi dahil mistulang siklo ang pag-aayos at pagkasira ng daan, na sa parehong sirkumstansiya ay negatibo ang epekto sa kanilang kabuhayan. Masisilip din ang usapin ng kasarian sa espasyo dahil nakakapasada lang ang mga babae pagkatapos ng gawaing-bahay at kapag maliwanag sa eskinita.

## Isang Dipang Langit (Pasintabi kay Amado V. Hernandez)

Noong bukas pa ang lote ng NAWASA na malapit sa Pansol, maaaring pumarada rito. Nang magbakod na ang kompanya,

napilitang ilipat ang mga sasakyan sa masisikip na kalye ng barangay. Naalarma ang maraming residente dahil mahirap nang marating ng bumbero ang lugar kung sakaling magkasunog o ng ambulansya kung may kailangang itakbo sa ospital. Dahil din sa sikip ng daan, may mga panahong umiinit ang ulo ng nagkakasalubong na mga tao at sasakyan na nagiging ugat ng "angasan" (Agasan, M. 2013). Kaya humiling ang mga residente ng espasyo sa UP upang lumuwang ang eskinita.

Sa pananaw ni Gabriel (2013), madali namang magbigay ang UP ng "isang dipa" dahil bagama't ginagamit ng UPIS ang lupa nito sa Pansol, nakatiwangwang naman ang loteng malapit sa Great Wall. Dati itong kinatatayuan ng Departamento ng Kalusugan ng Kolehiyo ng Edukasyon subalit inilipat ito sa loob ng kampus noong huling bahagi ng dekada '90. Mula noon, mahigit isang dekada nang abandonado ang lupa ng UP na katabi ng napapaderang eskinita. Dahil nakatiwangwang, tinubuan na ito ng mga talahib at sinasabing pinamahayan ng ahas at iba pang hayop. Kung sakaling magbibigay ng isang dipa ang pamantasan para lumuwang ang eskinita, mahigit pitong ektarya pa rin ang maiiwan. Bukod dito, humigit-kumulang 50 metro ang layo ng eskinita sa mga gusali ng UPIS kaya hindi rin maaapektuhan ang paaralan kung sakaling magkakaroon ng konstruksiyon. Kung mapagbibigyan, magiging kalsada na ang eskinita sa P. Bautista St. na makapagpapagaan sa buhay ng mga naninirahan sa lugar.

Subalit hindi ito nangyari dahil nagpasya ang pamunuan ng unibersidad na ilipat ang UPIS upang maparentahan ang lupa sa ALI. Sa pagpayag ng UP na patayuan ito ng mall at iba pang estruktura ng negosyo, tumindi ang kontradiksiyon dahil kaya nitong ibigay ang pitong ektarya sa kompanya ng Ayala samantalang ipinagkait ang isang metro / dipa sa Pansol. Hindi lamang sa barangay o sa Lungsod Quezon nagaganap ang pagsasantabi sa karaingan ng mga pamayanan kundi sa iba pang urbanisadong lugar sa buong mundo. Manapa't maaaring sabihing dumaranas ang mga residente ng lungsod ng "gentrification which is a sociospatial process whereby lower-income 'place-communities' are displaced by the transformative dynamics of the capitalist land market and the state, a process transforming downtown areas into 'bourgeois playgrounds'" (Smith sa Askew 110). Sa halip na ipagamit ang lupa sa karaniwang mamamayan, nagiging prayoridad ang mga

pook ng komersiyo (Castells 126-127). Kabalintunaan ang naging pasya ng unibersidad dahil marami sa mga nasa Pansol ay mag-aaral at manggagawa rin ng UP na kasamang magiginhawaan sa pagluwag ng kalsada. Ayon kay Gabriel (2013), ganito ang ginawa ng pamantasan dahil “mayaman ang Ayala at mahirap lang ang Pansol”. Itinuturing na sekundaryo ang kapakanan ng residensiyal na pamayanan kung ikukumpara sa “pag-unlad” na hatid ng komersiyal na mga establisyimento (Zukin sa Miles, Hall, at Borden 86). Inaasahang makapagluluwal ng kita ang pagpapaupa sa ALI kaya ibinigay ng UP ang buong 7.4 ektarya nang walang bawas kahit isang dipa.

## Sa Magkabilang Dako ng Pader




*Larawan 10: Ang P. Bautista St. at ang katabing konstruksiyon ng Ayala Land Inc.*

## Sa Eskinita

Nagkakaroon ng tensiyon sa pagitan ng mga taong nagsasalo sa masikip na espasyo kaya kinakailangang may magbigay upang maisakatuparan ang kani-kaniyang layunin. Sa kaso ng nagkakasalubong na mga sasakyan o mga tao, kung hindi magpaparaya, walang makakausad. Sa pagdaan ng panahon, nagkaroon ng sistema ang mga dumadaan sa eskinita upang mapanatili ang kaayusan sa lugar.

Dahil sa sikip ng pathway, hindi madaling makadidiretso ang magkasalubong na pedicab – kailangang may tumigil upang makapagpatuloy ng isa. Ayon kay Isternon (2013), para sa mga padyak, malinaw ang sistema: Tuwing umaga, prayoridad ang palabas ng eskinita dahil papasok sa paaralan o trabaho ang mga sakay nila. Sa hapon, uunahin naman ang pabalik sa looban

dahil uuwi ang mga pasahero “upang magluto”. Ang nagbibigay na pedicab ang siyang didikit sa pader, bahagyang tatagilid, at hihinto. Magtutuluy-tuloy naman ang pinagbibigyan.



*Larawan 11: Magkasalubong na pedicab*

Kung may paparating na kotse o jeep, sisigaw at sesenyas ang mga drayber na may dadaan. Kapag narinig ng nasa dulo, hindi muna sila papasok hanggang makadaan ito. Kapag walang nakapagpaabot at nagkasalubong ang malaking sasakyan at pedicab, ibinabatay ng mga padyak sa distansya kung sino ang magpapatuloy at aatras – tutuloy ang mas malapit na sa dulo ng pathway.

Nagiging larawan din ng tagisan ng kapangyarihan ang espasyo – may pagkakataong hindi sumusunod sa sistema sa eskinita ang mga dayo kahit na sila ang wala sa lugar. Ayon kay Isternon (2013), naranasan na niyang umatras kahit na tatlong metro na lang ang layo niya sa dulo. Hindi niya ito makalimutan dahil kahit nakasibilyan ang drayber ng van, alam niyang pulis ito kasi pinakitaan siya ng baril. May mga panahon namang ang mga pedicab ang naggigiit at pinaaatras ang mas malaking sasakyan dahil “mas maigi nang umatras ang kotse dahil makina ito. Mas mahirap pumadyak.”

Dahil may negatibong persepsiyon sa pathway, sinisikap ng mga namamasada na magbigay ng maayos na serbisyo sa mga pasahero. Batid nilang sila rin ang mawawalan ng kita kapag nawalan ng tiwala sa kanila ang mga sumasakay. Bagama’t mayroong mga drayber na hindi kagandahan ang pakikitungo, sinusubukan nilang pagsabihan ang mga ito. Regular ding pinag-uusapan ang mga problema sa pulong ng PODA.

### Sa UP Town Center

Nagsimula ang konstruksiyon ng mall sa dating kinalalagyan ng hayskul ng UPIS noong 2012 at batay sa website ng UPTC, "Phase 1A, which primarily consists of restaurants and retail stores, is now open. Phase 1B and Phase 2 will open within the next two years" (ayalamalls.com.ph). Ang nasa Larawan 12 ay ang loteng katabi ng eskinita na nababakuran ng Great Wall of Pansol. Bagaman hindi pa tapos, ito ang nagsisilbing entrada para sa parking ng mga kliyente ng mall. Humigit-kumulang dalawampung metro ang lapad nito at maluwang ang espasyo kahit magkasabay na pumasok at lumabas ang dalawang sasakyan.




*Larawan 12: Nasa kaliwang bahagi ang Great Wall of Pansol*

Kaiba sa danas ng mga pedicab, malaya ang daloy ng trapiko sa parking lot ng UPTC. Sa pag-aaral ni Harvey (2001), mahalaga ang mabilis na pagpasok ng mga pupunta sa mall upang makalahok sila agad sa proseso ng pagbili. Gayundin, dapat walang sagka sa pag-alis upang mabigyang-lugar ang mga paparating na bagong mga kostumer. Sa pamamagitan nito, lumalaki ang tubo ng mga may-ari ng negosyo (244). Nakapagpapabagal man ang pagkuha at pagbigay ng tiket sa gate, mekanismo ito ng mall upang mapangalagaan ang mga sasakyang nasa kanilang pag-iingat. Hindi rin nagaganap dito ang kani-kaniyang diskarte dahil may mga guwardiya at parking attendant na nakaantabay upang tugunan ang bawat pangangailangang ilalapit sa kanila.

Mula noong pinaupahan ng pamantasan sa Ayala ang lote, nasa kamay na ng kompanya ang pagtatakda kung ano ang karapat-dapat na gamit ng lupa. Ayon kay Blackmar (sa Low and Smith 51), "There are many ways to define a public space, and not few

of them rest on the status of ownership and control established through property rights." Kaya kahit na pampubliko ang eskinita at maaaring magamit ng mas marami, maliit ito kung ihahambing sa katabing parking space na para lamang sa mga pribadong kostumer ng UPTC.



## Ang Karahasan ng Paglikha

"It's a mall unlike any other" – ganito inilarawan ni Pam Pastor ang UP Town Center sa lifestyle section ng Inquirer.net (20 Reasons To Hang Out At UP Town Center 2014). Paliwanag ni Rowena Tomeldan, Commercial Business Group Vice President at Head of Operations and Support Services ng ALI: "Instead of the usual box-type mall, Ayala Land created a sprawling space, making sure there are plenty of convergence areas that can be used by students to come together and socially engage with one another" (Pastor 2014).




*Larawan 13: Maluwang na espasyo sa gitnang bahagi ng UPTC*
*Mula sa http://www.modernfilipina.ph/lifestyle/music-events/10-things-to-do-at-up-town-center.*

Sa pagbubukas ng UPTC, may mga bagay na tuluyan ding naglaho. Habang dinisensyo ang Town Center na may sapat na espasyo para sa pagtitipon ng mga kostumer nito, tanging sa alaala na lamang ni Aganas, M. (2013) iiral ang preskong tambayan sa hardin ng Pansol. Kahit nalilibang ang mga nasa loob ng mall sa malamig na airconditioning, uminit naman ang temperatura ng katabing kabahayan na tinakpan ng matataas na pader. Sa pagtatayo ng anumang estruktura, madalas na nakakaligtaan ang mga sinira kapalit ng nilikha at lilikhain pa (Woods sa Miles, Hall,

at Borden 311).

Kahit sabihin ng ALI na "what we do is make UP Town Center an extension of the UP campuses" (Pastor 2014) pook na ito ng negosyo at hindi ng edukasyon. Hindi na masisilayan ng mga dating mag-aaral ng UPIS ang lugar kung saan sila natuto at umunlad bilang kabataan. Lunan din ng kontradiksiyon ang UPTC para sa miyembro ng akademikong pamayanan. Para sa mga administrador ng unibersidad, pagmumulan ng karagdagang kita ang renta ng ALI kaya kailangang palitan ng mga gusali ng negosyo ang dating UPIS. Subalit para sa ibang kasapi ng komunidad ng UP, pagpapahina ito sa paggigiit sa pamahalaan na bigyan ng sapat na subsidyo ang *State Colleges and Universities* (SUCs). Sa pamamagitan ng komersiyalisasyon ng mga ari-arian ng pamantasan katulad ng lupa, tumataas ang posibilidad na aasa na lamang ang gobyerno sa "kakayanan" ng mga SUC na makalikha ng sariling pondo kaysa tupdin ang tungkulin nito sa sektor ng edukasyon.



*Larawan 14: UPTC sa Katipunan Road*
*Mula sa http://lifestyle.inquirer.net/179952/20-reasons-to-hang-out-at-up-town-center*

Mahalaga ring tingnan ang pahayag ng Ayala Malls na: "UP Town Center is a mixed-use retail and office development, which will offer an optimal mix of high quality retailers and office tenants that are responsive to the needs and demands of students, residents, and workers in the surrounding community" (akin ang diin). Kung hindi nagtutugma ang mga pangangailangan ng iba't ibang pangkat ng tao, sino ang pagkakaitan at sino ang bibiyayaan? Kung iisa-isahin halimbawa ang mga tindahang nasa UPTC, masasabing hindi "pangmasa" ang presyo sa mga ito (sumangguni sa www.zomato.com/manila/restaurants/in/up-town-center at sa mga

artikulo nina Sanchez 2015, Bautista 2015, at Pastor 2014). Dahil esensiyal ang kakayanang ekonomiko upang magkaroon ng akses sa merkado, masasabing marahas ang mall para sa mga walang pambili. Marahil ang target na "surrounding community" ay ang kalapit na mayamang subidbisyon ng La Vista at Loyola Grand Villas kaysa barangay Pansol. Gayundin, nang magtayo ang ALI ng mga gusali sa lupa ng UP, nawasak na rin ang pagkakataon ng mga nasa kabilang panig ng Great Wall na madagdagan ng isang dipa ang eskinita. Paliwanag ni Woods: "The building of architecture is essentially political and, even though it is rarely presented as such, ideological. It is by nature warlike in the violence of its clearing of a site, the sheer energy of its construction and the naked exercise of its power to change social and environmental conditions" (sa Miles, Hall, at Borden 312).



## LAGOM

Ang P. Bautista St., pathway, o Great Wall of Pansol ay ilang metrong eskinita na naglalarawan sa reaksiyon ng mga nakukupot ng masikip na daan; sa pagbaka sa limitasyong dala ng espasyo; sa pag-uugnay ng danas sa mas malalim at masaklaw na mga suliraning panlipunan; at sa potensiyal ng karaniwang mamamayan upang makilala at masuri ang mga kontradiksiyong bunga ng matinding pagkakaiba.

Pinaniniwalaang ang lungsod ay nagluluwal ng mamamayang palaging nagmamadali sa mga espasyong samu't sari ang hamon, kaya naman natuto ng kawalang-pakialam (Miles 26). Maaaring nasusulyapan ang mga nakakasabay subalit hindi talagang nakikita. Maraming mga pamilyar na mukhang walang pangalan at identidad. Subalit may mga espasyo sa lungsod na nag-uugnay sa mga tao, gustuhin man nila o hindi, katulad ng masikip at mahabang eskinita na nasa pagitan ng kongkretong mga pader. Dahil walang ibang lusutan, dalawa lang ang pagpipilian: ang harapin o hindi ang mga kaibigan at kagalit, kakilala at dayuhan. Dahil masikip ang pinagsasaluhang espasyo, mas madali ring makilala ang "iba" at "baliktad" sa kinalulugaran.

Kabilang sa mga kontradiksiyong natuklasan sa pagtatayo

ng Great Wall of Pansol ay ang transpormasyon ng kapaligiran mula natural patungong artipisyal. Dahil sa pangangailangang takdaan ang mga teritoryo, nagtayo ang NAWASA at UP ng pader na nagdulot ng pagkipot sa dinadaanan ng mga residente sa silangang bahagi ng Pansol. Dahil dito, nawasak ang dating hardin na nagsilbing parke, palaruan, tagpuan, sampayan, at pahingahan ng mga malapit dito noong dekada '60. Naglaho ang mga puno, halaman, insekto, at nilatagan ng kongkretong kalsada ang lupa. Nagbunga rin ang pagbabakod ng unti-unting pagkalusaw ng mas malalim na ugnayan ng magkakabarangay. Nagkaroon ng dibisyon ang residente ng Pansol at Balara na dating malayang nagkakasalamuha. Pangamba ang dulot ng eskinita dahil mahirap nang makahingi ng tulong kapag may krimen, sunog, o itatakbo sa ospital. Bukod dito, nagkaroon ng negatibong pagbabansag sa Pansol dahil nauugnay sa iligal na mga gawain ang makikipot na espasyo. Mahalaga para sa mga residente na iwasto ang maling akala ng mga tagalabas. Ayon sa pag-aaral nina Benton-Short at Short (2008), nasasakripisyo ang kalikasan sa ngalan ng urbanisasyon. Sa ganitong pagkakataon, madalas na ang karaniwang mamamayan ang pumapasan sa negatibong eksternalidad ng mga pagbabago sa kalunsuran.

Umikot sa suliranin ng kahirapan, naging simboliko ang eskinita sa kabaliktaran ng mga ipinangako ng pamahalaan sa mamamayan. Ang wari'y simpleng lubak at baha ay naiugnay ng mga drayber sa kakulangan ng trabaho at ang katumbas na panapal na solusyon na ibinibigay ng gobyerno rito. Naging siklo na kasi ang pag-aayos sa pathway na maiiwasan sana kung pangmatagalan ang kalsadang gagawin. Napatunayan din ang pagkalimitado ng espasyo ng babae dahil makakarelyebo lamang sila sa pamamasada tuwing gabi pagkatapos ng mga gawaing bahay. Papayagan lang sila ng kanilang asawa kung maliwanag ang eskinita dahil sa persepsiyon na mas mapanganib para sa kababaihan ang espasyong masikip at madilim.

Lalong matingkad ang kontradiksiyon sa dalawang dako na ang naghihiwalay lamang ay ang Great Wall of Pansol. Hindi pinagbigyan ng UP ang hiling ng mga taga-Pansol na mabigyan sila ng isang dipa upang lumuwang ang pathway kaya nababalam ang

trapiko at pedestriyan sa eskinita. Sa kabilang banda, iginawad ng pamantasan ang buong 7.4 na ektarya ng lupain sa kompanya ng Ayala upang gamitin ang lote sa negosyo. Dalawang antas ang pinagmumulan ng tensiyon dito: (1) Ang pagbibigay ng higit na halaga sa komersiyo at tubo kaysa sa kagalingan ng karaniwang mamamayan at (2) ang kakulangan ng subsidyo ng pamahalaan sa mga SUC kaya pumapasok ang mga ito sa komersiyalisasyon. Kabalintunaang maituturing na masikip, bako-bako, binabaha, madilim, at mapanganib ang eskinita na katabing katabi ng maluwang, kongkreto, maliwanag, at ligtas na mall ng UPTC.

Bilang pagtatapos, mahalagang balikan na kahit ang itinuturing na maliit, karaniwan, at pang-araw-araw ay maiuugnay sa mas malawak at malalim na mga usaping panlipunan. Mahahanap kahit sa eskinita ang hitik na danas at pananaw ng mga tao na makapagbubunyag ng mga kontradiksiyon sa espasyong urban. Katulad ng layunin ng mga Tsinong nagpatayo ng Dakilang Pader upang pigilan ang mga barbarong makapasok sa kaharian ng mga sibilisado, ang Great Wall of Pansol ay nagsisilbing harang sa magkasalungat na realidad sa magkabilang dako ng pagitan.

## SANGGUNIAN


Agasan, Marichu. Pakikipanayam. 7 Abril 2013.

Agasan, Arnel. Pakikipanayam. 7 Abril 2013.

Askew, Marc. Bangkok: *Place, Practice, and Representation*. USA: Routledge, 2002.

Bauder, Harald at Salvatore Engel-Di Mauro, mga ed. Critical Geographies: *A Collection of Readings.* Canada: Praxis (e)Press, 2008. Web. 12 Pebrero 2016. http://www.praxis-epress.org/CGR/CG_Whole.pdf

Bautista, Lianna Smith. *"10 Things to Do at UP Town Center."* Web. 25 Pebrero 2016. http://www.modernfilipina.ph/lifestyle/music-events/10-things-to-do-at-up-town-center.

Benton-Short, Lisa at John Rennie Short. Cities and Nature. New York: Routledge, 2008. Nakalimbag.

Bryant, Raymond L., at Sinead Bailey. *Third World Political Ecology.* London: Routledge, 1997. Nakalimbag.

Dionisio, Nilo. Pakikipanayam. 7 Abril 2013.

Gabriel, Regina. Pakikipanayam. 2 Abril 2012 at 6 Abril 2013.

Harvey, David. *Spaces of Capital Towards a Critical Geography.* New York: Routledge, 2001. Nakalimbag.

Hayden, Dolores. The Power of Place: *Urban Landscapes as Public History.* Cambridge: MIT Press, 1997. Nakalimbag.

Hubbard, Phil. City. USA: Routledge, 2006. Nakalimbag.

Isternon, Cesar. Pakikipanayam. 7 Abril 2013.

Lineu, Castello. *Rethinking the Meaning of Place: Conceiving a Place in Architecture-Urbanism.* England: Ashgate Publishing Limited, 2010. Nakalimbag.

Low, Setha at Neil Smith, eds. *The Politics of Public Space*. New York: Routledge, 2006. Nakalimbag.

Miles, Malcolm, Tim Hall at Iain Borden, eds. *The City Cultures Reader.* New York: Routle dge, 2000. Nakalimbag

Miles, Malcolm. Cities and Cultures. USA: Routledge, 2007. Nakalimbag.

Pastor, Pam. *"20 reasons to hang out at UP Town Center."* Web. 25 Pebrero 2016. http://lifestyle.inquirer.net/179952/20-reasons-to-hang-out-at-up-town-center.

Prazniak, Roxann at Arif Dirlik. *Places and Politics in an Age of Globalization.* England: Rowman and Littlefield, Inc., 2001. Nakalimbag.

"QC: *A Saga of Continuing Progress History of Quezon City Barangays*". Quezonian Newsletter. Web. 1 Abril 2013. http://www.qcpubliclibrary.org/qcmanuscript.php#history_barangay.

Sanchez, Jamie. *"10 New Places to Check Out at UP Town Center."* Web. 25 Pebrero 2016. http://www.spot.ph/shopping/the-latest-shopping/62459/new-shops-up-town-center?page=2

Tuan, Yi-Fu. *Space and Place: The Perspective of Experience*. Minneapolis: University of Minnesota Press, 1977. Nakalimbag.

"UP-Ayala Town Center Mall". Web. 25 Pebrero 2016. http://www.dayritproperties.com/2013/09/up-ayala-town-center-mall-c5-katipunan-quezon-city/

"UP Town Center". Web. 25 Pebrero 2016. http: www.ayalamalls.com.ph.

Zomato. *"Restaurants in UP Town Center,* Diliman, Quezon City, Metro Manila." Web. 25 Pebrero 2016. https://www.zomato.com/manila/restaurants/in/up-town-center-diliman-quezon-city